REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAAN LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
Telephone no. 861-0181/Fax: 862-6473
Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 2020-370

KAPASIYAHAN NA INI-ENDORSO SA LAND TRANSPORTATION FRANCHISING REGULATORY BOARD (LTFRB) ANG KAHILINGAN NG SAMAHAN NG OPERATORS AND JEEPNEY DRIVERS' ASSOCIATIONS (ALBICAROSA AT ALAGMA TRANSPORT SERVICE COOPERATIVE) NA MAITALA ANG KANILANG SAMAHAN SA MGA AWTORISADONG PAMPUBLIKONG SASAKYAN NA MAARI NANG MAKAPAGBIYAHE SA KANI-KANILANG RUTA (ALABANG-BINAN-STA. ROSA BALIKAN; ALABANG-GMA BALIKAN).

****

Ipinanukala ni: ***Kgg. Kon. Ting Niefes***
Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao
Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Stephanie G. Teves
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla-VIA ZOOM
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez
Kgg. Kon. Walter A. Arcilla
Kgg. Kon. Kenichi D. Takagi, Jr.

****

SAPAGKAT, alinsunod Republic Act 7160 o ang Batas pang Lokal na Pamahalaan, Seksyon 17 (i) "xxxx Gagampanan ng mga lokal na pamahalaan ang iba pang kapangyarihan at tungkulin at responsibilidad na kinakailangan, nararapat o kaugnay na kapangyarihan para sa mahusay at epektibong pagkakaloob ng pangunahing serbisyo at pasilidad tulad ng:

(i) Sapat na mga pasilidad para sa komunikasyon at transportasyon;

SAPAGKAT, ang pandemya na dulot ng COVID-19 ay nagdulot ng pagtigil sa mga normal na gawain ng mga tao at negosyo dahil sa kinakailangang pagsasagwa at implementasyon ng mga pangkalusugang polisiya upang mapigilan ang pagkalat at hawaan ng nabanggit na virus;

SAPAGKAT, isa sa naapektuhan ng pandemya ay ang sektor ng transportasyon dahil sa mga community quarantines na ipinatupad ng nasyonal at lokal na pamahalaan;

SAPAGKAT, nagpatupad na ang Department of Transportation ng pagluluwag sa mga tradisyunal na pampasaherong dyip ngunit ito ay para lamang sa mga piling ruta;